



Republic of the Philippines
Department of Education
NATIONAL CAPITAL REGION

SCHOOLS DIVISION OFFICE OF MUNTINLUPA CITY

Office of the Schools Division
Superintendent

MEMORANDUM

**PANDIBISYONG GAWAD LAYAG KASAYSAYAN 2026: PALIGSAHAN SA MALIKHAING
INOBYASION AT SINING NG IKA-21 SIGLO PARA SA MGA MAG-AARAL SA ELEMENTARYA
AT SEKUNDARYA**

Para sa: Pangalawang Pansangay na Tagapamanihala
Punong Tagamasid, Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum
Punong Tagamasid, Sangay ng Pamamahala at mga Gawain ng Paaralan
Mga Punong-Guro ng mga Publiko at Pribadong Elementarya
at Sekundaryang Paaralan
Lahat ng Iba Pang Kinauukulan


1. Sa bisa ng Presidential Proclamation No. 339 noong 2012, ating taunang ipinagdiriwang ang **Buwan ng Kasaysayan**. Ngayong Agosto 2026, ang Sangay ng mga Paaralang Lungsod ng Muntinlupa, sa pamamagitan ng Sangay ng Pagpapatupad ng Kurikulum, at pakikiisa sa National Historical Commission of the Philippines ay nagpapahayag ng pagdaraos ng Pandibisyong Paligsahan para sa mga Mag-aaral sa Elementarya at Sekundarya.
2. Alinsunod sa pambansang tema na "**Hinubog ng Bayan, Dinuyan ng Alon**", layunin ng inisyatibang ito na ipagdiwang ang mayaman at malalim na kasaysayang maritima at kultural na ugnayan ng bansa sa dagat. Nilalayon din ng aktibidad na ito na mapagsama-sama at malinang ang mga mahahalagang kasanayan sa ika-21 siglo—gaya ng mapanuring pag-iisip (*critical thinking*), pakikipagtalastasan (*communication*), pakikipagtulungan (*collaboration*), pagkamalikhain (*creativity*), at digital literacy—sa mga asignatura ng Araling Panlipunan, Humanities and Social Sciences (HUMSS) at iba pang kaugnay na aralin.
3. Ang *asynchronous* na paligsahan ay binubuo ng dalawang pangunahing kategorya na inangkop para sa iba't ibang antas:
 - o **Kategoryang Elementarya (Baitang 4–6): "Mga Kwento ng Alon"** – Isang Paligsahan sa Paggawa ng Digital Comic at Pagkukuwento (Oral Storytelling) na nagtatampok sa malikhaing pagdidisenyo, ICT literacy, at pasalitang pagpapahayag.
 - o **Kategoryang Sekundarya (Baitang 7–12 / JHS at SHS): "The Balangay Project"** – Isang Makabagong Panukala at Pitching Challenge para sa Pamanang Maritima na nakatuon sa pagtutulongan ng grupo, mapanuring paglutas ng suliranin, at kamalayang panlipunan (civic literacy) sa pamamagitan ng pagbuo ng mga pitch deck at video presentation.
4. Ang pagsasaayos ng mga *entries* at pagsasanay ng mga mag-aaral at guro para sa patimpalak ay **mahigpit na ipinagbibiling gagawin sa oras na tapos na ang klase** para maiwasan ang anumang pagka-antala ng gawaing pangklase.

5. Kasama sa Memorandum na ito ang mga sumusunod na kalakip para sa inyong gabay at sanggunian:

- o Kalakip Blg. 1: Kumpletong Mekaniks, mga Alituntunin, at Pamantayan sa Pagmamarka
- o Kalakip Blg. 2: Detalyadong Gabay sa Bawat Slide (Slide-by-Slide Template) para sa "The Balangay Project" Pitch Deck

6. Ang mga publiko at pribadong paaralan ay hinihikayat na magdaos ng kani-kanilang pagsusuri o screening sa antas-paaralan bago isumite ang kanilang mga opisyal na kalahok sa portal ng patimpalak na <https://tinyurl.com/HistoryMonth2026>. **Isang (1) entry lamang mula sa paaralan ang kailangan para sa patimpalak.** Ang huling araw para sa lahat ng digital na pagpasa ay sa Agosto 21, 2026, hanggang alas-5:00 lamang ng hapon.

7. Hinihiling ang mabilis na pagpapalaganap at mahigpit na pagsunod sa Memorandum na ito.


VIOLETA M. GONZALES CESO VI
Pansangay na Pagapamanihala

Encl: as stated

Reference: As stated

To be indicated in the Perpetual Index under the following subjects:

TEACHERS

LEARNERS

COMMEMORATION

CO-CURRICULAR

MELL/ PANDIBISYONG GAWAD LAYAG KASAYSAYAN 2026: PALIGSAHAN SA MALIKHAING INOBASYON AT SINING NG IKA-21 SIGLO PARA SA MGA MAG-AARAL SA ELEMENTARYA AT SEKUNDARYA/293

UN-2026-293

Kalakip Bilang 1: Kumpletong Mekaniks, mga Alituntunin, at Pamantayan sa Pagmamarka

I. Pangkalahatang-tanaw at mga Layunin

- a. Tema: "Hinubog ng Bayan, Dinuyan ng Alon" (Agosto 2026)
- b. Mga Kalahok: Kategoryang Elementarya (Baitang 4-6) at Kategoryang Sekundarya (Baitang 7-12)
- c. Mga Layunin:
 1. Napapalalim ang pagpapahalaga ng mga mag-aaral sa kasaysayang maritima ng Pilipinas at kultura ng mga pamayanang baybayin.
 2. Nalilinig ang mga kasanayan sa ika-21 siglo sa pamamagitan ng paglikha ng digital content, paglutas ng problema, at pagpapahayag sa madla.
 3. Naisusulong ang makasaysayang empatiya at aktibong pakikilahok sa mga gawaing pambayan.

II. Kategoryang Elementarya (Baitang 4–6): "Mga Kwento ng Alon"

1. Mga Isusumiteng Output:
 - o **Digital Comic Strip:** Isang pahina na may 6-panel digital comic strip na nagpapakita ng isang makasaysayang pangyayaring maritima o lokal na alamat gamit ang mga libreng tool tulad ng Canva, Pixton, at iba pa. Tinatanggap din ang mga tradisyonal na iginuhit-kamay na komiks na ini-scan sa high resolution.
 - o **Video ng Pagkukuwento:** Isang video na hindi hihigit sa 2 minuto kung saan masigla at madamdaming ipinapaliwanag o binabasa ng mag-aaral ang kanyang comic strip sa wikang Filipino o lokal na wika.
2. Katapatan at Pagka-orihinal: Ang mga gawa ay dapat orihinal. Ang mga output ay dapat i-upload sa opisyal na portal ng patimpalak kasama ang 3 pangungusap na paliwanag ukol sa kaugnayan nito sa tema.
3. Pamantayan sa Pagmamarka: Kabuuang 100 na puntos na hinati sa pamamagitan ng:
 - o Kaugnayan sa Kasaysayan at Tema (35%)
 - o Pagkamalikhain at Ganda ng Visual (30%)
 - o Pagpapahayag at Pagkukuwento (25%)
 - o Teknikal na Kalidad (10%)

III. Kategoryang Sekundarya (Baitang 7–12): "The Balangay Project"

1. Kasapi ng Grupo: Ang bawat grupo ay dapat buuin ng eksaktong tatlong (3) mag-aaral mula sa parehong paaralan, sa gabay ng isang gurong-tagapagsanay (coach).
2. Ang Hamon: Magsasaliksik ang grupo tungkol sa lokal na kasaysayang maritima o isyung kinakaharap ng isang baybaying pamayanan at gagawa ng solusyon sa anyo ng alinman sa: *Kampanyang Pang-adbokasya, Konsepto ng Heritage Tourism, o Solusyong Eko-Historikal.*
3. Mga Isusumiteng Output:
 - o **Project Pitch Deck:** Isang presentasyon na may maximum na 7 slides (naka-PDF format) na naglalaman ng suliranin, koneksyon sa pamana, solusyon, at plano sa pagpapatupad.
 - o **Pitch Video:** Isang 3-minutong video kung saan ang lahat ng kasapi ng grupo ay magtutulungan sa pagpapaliwanag ng kanilang panukalang proyekto.
4. Pamantayan sa Pagmamarka: Kabuuang 100 na puntos na hinati sa pamamagitan ng:
 - o Mapanuring Pag-iisip at Inobasyon (40%)
 - o Pagkakahayan sa Tema (25%)
 - o Kolaborasyon at Paglalahad (25%)

- Epekto sa Pamayanan (10%)

IV. Iskedyul ng Pagpapatupad

- Agosto 1 - 7, 2026: Pagpapakalat ng Impormasyon / Oryentasyon sa Paaralan
- Agosto 8 - 20, 2026: Pananaliksik at Paglikha at Pagpili ng mga kalahok ng Paaralan
- Agosto 21, 2026 (5:00 PM): Huling Araw ng Pagpasa sa designated online drive.
- Agosto 22 - 26, 2026: Pagsusuri at Pagmamarka ng lupon ng mga hurado.
- Agosto 28, 2026: Araw ng Pagpapakita at Virtual Awarding Ceremony.

V. Pangkalahatang Panuntunan at Protokol

- Etikal na Paggamit ng AI: Mahigpit na ipinagbabawal ang paggamit ng mga AI generation tools (tulad ng Midjourney, ChatGPT, atbp.) sa paglikha ng pinal na disenyo, pagsulat ng iskrip, o nilalaman ng presentasyon. Ang lalabag ay madidiskwalipika.
- Pagsunod sa Copyright: Anumang makasaysayang larawan o musika na gagamitin ay dapat bigyan ng wastong kredito at gumamit ng mga "royalty-free" na lisensya.

Kalakip Blg.2: Detalyadong Gabay sa Bawat Slide (Slide-by-Slide Template) para sa "The Balangay Project" Pitch Deck

- Slide 1: Title Slide (The Vessel's Name): Pangalan ng proyekto, tagline na nag-uugnay sa tema, pangalan ng 3 mag-aaral, paaralan, coach, at pangunahing larawan ng komunidad.
- Slide 2: The Anchor (Historical & Cultural Context): Makasaysayang kahalagahan ng piniling pamanang maritima at kung paano hinubog ng dagat ang kultura at buhay rito.
- Slide 3: The Tempest (The Current Challenge): Pagtukoy sa modernong banta o hamon (hal. pagkasira ng kalikasan, kawalan ng interes ng kabataan) at ang mga apektadong sektor.
- Slide 4: The Sail (The Proposed Solution): Malikhain at makabagong solusyon na pinagsasama ang kasaysayan at modernong estratehiya.
- Slide 5: The Crew & Implementation Plan (Execution Roadmap): Mga hakbang o yugto ng pagpapatupad, kakailanganing kagamitan, at mga kasosyong sektor (LGU, barangay, atbp.).
- Slide 6: The Horizon (Expected Impact & Sustainability): Pangmatagalang benepisyo sa komunidad at kung paano mananatiling buhay ang proyekto pagkatapos ng paligsahan.
- Slide 7: The Beacon (Call to Action & References): Pangwakas na pahayag at listahan ng mga ginamit na historical primary at secondary sources para sa impormasyon.